PRAYER

- Manalangin na mas lalo mo pang makilala ang Diyos at ang Kanyang mga layunin sa iyong buhay.

- Humiling ng kakayahan sa Diyos upang maisabuhay mo ang Kanyang kalooban na may tiwalang pupunan Niya ang iyong mga pangangailangan.

- Ipagdasal na pagpalain ang bawat isa sa inyong grupo upang mamuhay sa kalooban ng Diyos.

ANNOUNCEMENTS

PRAYER & WORSHIP NIGHT
Thursdays, 6:30 PM to 7:30 PM
Victory Center

LEADERS CONVERGENCE for SINGLES
September 23, Thursday, 7:30 PM
Victory Center

LEADERS CONVERGENCE for MARRIED COUPLES
September 30, Thursday, 7:30 PM
Victory Center

CHILD DEDICATION
September 25 (Saturday)
10:00 AM to 11:30 AM
Victory Center

VICTORY WEEKEND
(Register through your Victory Group Leader)
October 8 & 9 (Friday & Saturday)
Victory Center

MUSIC MINISTRY
Audition for Singers & Musicians
For adult worship services:
Wednesdays, 5:00 PM to 7:00 PM
Kids Room, Victory Center

For youth worship services:
Fridays, 6:00 PM to 7:00 PM
Kids Room, Victory Center

VICTORY CENTER: Level 4 West Wing, Robinsons Galleria, EDSA corner Ortigas Avenue, Quezon City
CONTACT US: Tel: (+632) 631-1212 • E-mail: info@victoryortigas.org • www.victoryortigas.org

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

Permission to photocopy this material from Victory® is granted for local church use.
Copyright © 2010 by Every Nation Leadership Institute
Published by EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

FILIPINO

Ang Kahalagahan ng Layunin

Week 2

NOTES

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[1]Sinabi ni Yahweh kay Abram: "Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. [2]Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at mababantog ang iyong pangalan at magiging pagpapala sa marami. [3]Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, ngunit kapag sinumpa ka, sila'y aking susumpain; ang lahat ng mga bansa pihong ako'y hihimukin, na, tulad mong pinagpala, sila ay pagpalain din."

Genesis 12:1-3

Dumating ang pinangakong pagpapala ng Diyos kay Abraham pagkatapos niyang matanggap ang tawag sa kanya. Sinasabi nito na ang probinsyon ay kasunod ng layunin. Kadalasa'y binabase natin ang ating pagpapasya sa perang hawak natin. Ngunit sa ekonomiya ng Diyos, alam nating kapag sumunod tayo sa Kanyang kalooban, tutugunan Niya ang ating mga pangangailangan.

- **Alamin ang plano ng Diyos sa iyong buhay.**
  "Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at mababantog ang iyong pangalan at magiging pagpapala sa marami."

  Genesis 12:2

  Dapat nating unahin ang pag-alam ng plano ng Diyos sa ating buhay. May layunin Siya para sa ating lahat (Jeremias 29:11, Efeso 2:10) at kalooban Niyang malaman natin ito (Roma 8:28). Inihayag muna ng Diyos ang layunin Niya para kay Abraham bago Niya ibinigay ang probisyon para dito. Kaya't ang magandang tanong ay hindi kung "saan ako kikita ng mas malaki" kundi "ano ang kalooban ng Diyos para sa akin?"

  _____

  _____

- **Alamin mong ang iyong layunin ay maging isang pagpapala.**
  "Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain, ngunit kapag sinumpa ka, sila'y aking susumpain; ang lahat ng mga bansa pihong ako'y hihimukin, na, tulad mong pinagpala, sila ay pagpalain din."

  Genesis 12:3

  Ideya ng Diyos ang pagpalain tayo. At alam natin na kapag sinunod natin Siya at ang Kanyang kalooban, siguradong kasunod nito ang pagpapala (Mateo 6:33). Pinagpala ng Diyos si Abraham hindi lamang para sa kanyang kapakanan kundi upang pagpalain din ang iba sa pamamagitan niya. Kapag tayo'y pinagpala dahil sa pagsunod natin sa tawag ng Diyos, alalahanin nating layunin din nitong pagpalain ang iba. Anu-anong mga pagpapala ang iyong natanggap at nakatulong din sa iba? Paano ito nakatulong?

  _____

  _____

- **Sundin ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.**
  Sumunod nga si Abram sa utos ni Yahweh; nilisan niya ang Haran noong siya'y pitumpu't limang taon.

  Genesis 12:4

  Nagtiwala si Abraham na ang direksyon ng Diyos ang pinakamainam na sundin. Sinunod niya ang Diyos kahit hindi pa niya tanaw ang kabuoan ng Kanyang plano. Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay mas mahalaga pa sa pag-alam ng layunin Niya para sa atin, at bunga ito ng buong pagtitiwala sa Kanya (Kawikaan 3:5,6).

  _____

  _____

SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano sa tinging mo ang kalooban ng Diyos para sa iyong buhay? Naisasabuhay mo ba ito?
- Papaano ka naaapektuhan ng katotohanang ang probisyon ng Diyos ay kasunod ng Kanyang mga layunin? Papaano ka naman naeengganyo sa katotohanang kalooban ng Diyos na ika'y pagpalain at gawing pagpapala para sa iba?
- Ano ang kadalasang naiisip mo bago ka gumawa ng desisyon (pera, udyok ng pamilya o kapwa, atbp.)? Papaano ka mas makakagawa pa ng desisyon batay sa kalooban ng Diyos para sa iyo?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Hilingin sa Diyos na ipakita Niya ang Kanyang kalooban para sa iyo. Anong mga hakbang ang magagawa mo upang malamang mabuti ang kalooban ng Diyos?
- Bago mo malaman ang kalooban ng Diyos para sa iyo, kailangang magkaroon ka muna ng ugnayan sa Kanya. Ano ang nasasaad sa Bibliya sa kung papaano ang magkaroon ng relasyon sa Diyos? Humingi ng tulong sa iyong *group leader* dito.
- Anu-anong mga desisyon ang kailangan mong gawin upang matulungan kang sundin ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay?